Ut in confessióne veræ sempiternǽque Deitátis, et in persónis propríetas, et in esséntia únitas, et in maiestáte adorétur æquálitas.

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Quam laudant Angeli atque Archángeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamáre cotídie, una voce dicéntes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus…**

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo…**

### Antipona sa Komunyon • *Jn 6:57*

**Qui** mandúcat meam carnem et bibit meum sánguinem, in me manet et ego in eo, dicit Dóminus.

**Kung** sinoman ang kakain ng Aking laman at iinom ng Aking dugo, mananahan sa Akin at Ako nama'y sa kaniya, sabi ng Panginoon.

### Panalangin Matapos ang Komunyon

**Tui** nobis, quǽsumus, Dómine, commúnio sacraménti, et purificatiónem cónferat, et tríbuat unitátem. Per Dóminum.

**Ang** pakikibahagi namin sa Iyong sakramento, Panginoon, nawa'y magkaloob ng kalinisan sa ami't makapagdulot ng kapayapaan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo…

**Hermandad de Sagrada Eucaristia**
**Latin Mass Society of Cavite**
*Comision Para sa Pagsasalin*

# IKASIYAM NA LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

*Misa "Ecce, Deus adiuvat"*
• *II cl.* • *Semidoble* • *Luntian*

### Pambungad na Antipona • *Ps 53:6-7*

**Ecce,** Deus adiuvat me, et Dóminus suscéptor est ánimæ meæ: avérte mala inimícis meis, et in veritáte tua dispérde illos, protéctor meus, Dómine.
— *Ps 53:3* Deus, in nómine tuo salvum me fac: et in virtúte tua líbera me. *V.* Gloria Patri. Ecce, Deus.

**Narito,** ang Dios ang tumutulong sa akin, at ang Panginoon ang umaalalay sa aking buhay. Ibalik Mo sa aking mga kaaway ang kanilang kasamaan, yamang sa Iyong katapatan, lipulin Niyo sila, Poong Mahal.
— *Salmo 53:3* O Dios, pakundangan sa Iyong ngala'y iligtas mo ako, at sa Iyong kapangyarihan, lingapin mo ako. *V.* Luwalhati sa Ama. — Narito, ang Dios…

▪ *Aawitin ang* Gloria in Excelsis Deo (Luwalhati sa Diyos)

### Panalangin sa Misa (Kolekta)

**Pateant** aures misericórdiæ tuæ, Dómine, précibus supplicántium: et, ut peténtibus desideráta concédas; fac eos quæ tibi sunt plácita, postuláre. Per Dominum.

**Nawa'y** maging bukas ang tainga ng iyong habag para sa amin, Panginoon, yamang kami'y nagsusumamo sa Iyong madlang-awa: ipagkaloob Mo sana na hingin lamang nila ang mga bagay na nakalulugod sa iyo, nang sa gayo'y makamtan nila ang kanilang hinihiling. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo…

### Sulat • *1 Cor 10:6-13*

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto.

**Mga kapatid:** Huwag tayong maghangad ng masasamang bagay, gaya ng ginawa nila. Huwag kayong sasamba sa mga diyus-diyosan, gaya ng ginawa ng ilan sa kanila. Ayon sa nasusulat, "Umupo ang mga tao upang magkainan at mag-inuman, at tumayo upang magsayaw." Huwag tayong makikiapid, gaya ng ginawa ng ilan sa kanila, kaya't dalawampu't tatlong libong tao ang namatay sa loob lamang ng isang araw. Huwag nating susubukin ang Panginoon gaya ng ginawa ng ilan sa kanila; dahil sa ginawa nila, pinuksa sila ng mga ahas. Huwag din tayong

magreklamo, tulad ng ilan sa kanila, kaya't nilipol naman sila ng anghel na namumuksa. Nangyari iyon sa kanila bilang babala sa iba, at isinulat upang tayo namang nabubuhay ngayong mga huling araw ay maturuan. Kaya't mag-ingat ang sinumang nag-aakalang siya'y nakatayo, at baka siya mabuwal. Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito. — *R.* **Salamat sa Diyos.**

### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • *Ps 8:2; Ps 58:2*

**DOMINE,** Dóminus noster, quam admirábile est nomen tuum in universa terra!
*V.* Quóniam eleváta est magnificéntia tua super cœlos.

**Allelúia, allelúia.** *V.* Eripe me de inimícis meis, Deus meus: et ab insurgéntibus in me líbera me. **Alleluia.**

**PANGINOON** naming Dios, kahanga-hanga ang Iyong ngalan sa lahat ng lupa!

*V.* Pagkat nailagay Mo ang iyong kaluwalhatian sa itaas ng kalangitan.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Saklolohan mo ako mula sa aking mga kaaway, Dios ko: at iadya mo naman ako sa mga nagsisibangon laban sa akin. **Aleluya.**

### EBANGHELYO • *Lc 19:41-47*

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Lucas.

**NOONG PANAHONG IYON:** Nang malapit na siya sa Jerusalem at natatanaw na niya ang lungsod, ito'y kanyang tinangisan. Sinabi niya, "Kung nalalaman mo lamang sa araw na ito kung ano ang makakapagdulot sa iyo ng kapayapaan! Ngunit ito'y lingid ngayon sa iyong paningin. Darating ang mga araw na magkakampo sa paligid mo ang iyong mga kaaway, palilibutan ka nila at gigipitin sa kabi-kabila. Wawasakin ka nila at lilipulin ang lahat ng iyong mamamayan. Wala silang iiwanang magkapatong na bato sapagkat hindi mo pinansin ang pagdalaw sa iyo ng Diyos." Pumasok si Jesus sa Templo at sinimulang ipagtabuyan ang mga nagtitinda roon. Sinabi niya sa kanila, "Nasusulat, 'Ang aking bahay ay tatawaging bahay-dalanginan.' Ngunit ginawa ninyo itong lungga ng mga magnanakaw." Araw-araw, si Jesus ay nagtuturo sa loob ng Templo. — *R.* **Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

### ANTIPONA SA PAG-AALAY • *Ps 18:9-12*

**IUSTITIÆ** Dómini rectæ, lætificántes corda, et iudícia eius dulcióra super mel et favum: nam et servus tuus custódit ea.

**KATARUNGAN** ng Poo'y matuwid, nakagagalak ng puso, at ang kaniyang kahatula'y mas matamis pa kaysa sa pulot at sa pulut-pukyutan: kaya nama'y mga lingkod Mo'y maingat.

### PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**CONCEDE** nobis, quǽsumus, Dómine, hæc digne frequentáre mystéria: quia, quóties huius hóstiæ commemorátio celebrátur, opus nostræ redemptiónis exercétur. Per Dóminum.

**IPAGKALOOB** mo sa amin, Panginoon, na palagian kaming maging marapat na gumanap sa banal na paghahaing ito: sapagka't sa tuwing ipinagdiriwang ang alaala ng pag-aalay ni Cristo, ang pagliligtas Niyang ginawa sa amin ay nagaganap. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

### PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et aeterne Deus:

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, reveláte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.